Ika-20 ng Mayo, 2019

**PALIBOT-SULAT**

Sanggunian Blg. DPO 19-20

| | | |
|---|---|---|
| PARA | : | **Lahat ng Kinauukulan** |
| PAKSA | : | **Salin sa Filipino ng *Privacy and Confidentiality Notice*** |

Sa lahat ng may kaugnayan:

Ang sumusunod ay ang mungkahing salin sa Filipino ng **Privacy and Confidentiality Notice** sa ilalim ng Office of the Chancellor Memorandum No. MLT-18-135 na may pamagat na "UP Diliman Message and Communication Policy":

**Pabatid sa Pribasiya at Pagiging Kumpidensiyal**

Ang mensaheng ito, kasama ang mga karugtong, at anumang mga kalakip ay pribado at kumpidensiyal. Maliban sa tunay na layunin ng mensahe, walang bahagi nito o identidad ng tao ang maaaring ibunyag, kopyahin o ipalabas nang walang pahintulot mula sa nagpadala. Kung di-sadyang natanggap o nabasa ang mensaheng ito nang walang pahintulot, agad na ipagbigay-alam sa nagpadala at permanenteng burahin ang lahat ng di-sadyang natanggap na kopya. Ang iyong pag-akses sa mensaheng ito ay nangangahulugang sumasailalim ka sa UP Diliman Message and Communication Policy at anumang kaugnay na mga tuntunin ukol sa pribasiya ng datos.

Ang mga patnubay sa mga pagkakataon na kailangan ang **Privacy and Confidentiality Notice** o ang salin nito na **Pabatid sa Pribasiya at Pagiging Kumpidensiyal** ay matatagpuan sa Office of the Chancellor Memorandum No. MLT-19-113.

Sumasainyo,

Elson Manahan
*Tagapagtanggol Opisyal ng Datos*
Unibersidad ng Pilipinas Diliman